Republika ng Pilipinasas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-8 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-22 NG AGOSTO, 2022.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 166-2022**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA KUMIKILALA O' NAGBIBIGAY AKREDITASYON SA CITY OF MALOLOS MOTORCYCLE ACTION AND RESPONSE ORGANIZATION (CMMARON), NA MAPABILANG SA ACCREDITED NON-GOVERNMENT ORGANIZATION (NGO)/CIVIL SOCIETY ORGANIZATIONS (CSOs) NG LUNGSOD NG MALOLOS.**

**PANGUNAHING MAY-AKDA: KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
**KAMAY-AKDA: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO AT KGG. DIONISIO C. MENDOZA**

**SAPAGKAT,** ang City of Malolos Motorcycle Action and Response Organization (CMMARON), ay naghain ng aplikasyon para sa kaukulang pagkilala at akreditasyon ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** ang mga samahang tulad ng Non-Government Organization (NGO)/Civil Society Organizations (CSOs) ay binibigyan ng kahalagahan ng ating Saligang Batas, gayundin ay binibigyan ng pagkakataong makilahok sa pagbubuo ng isang matatag na bansa (Nation building);

**SAPAGKAT,** ayon sa *Section 34 ng Republic Act 7160,* kilala sa taguring Local Government Code of 1991, na ang yunit ng Pamahalaang Lokal ay may tungkulin sa promosyon ng pagtatatag at pagkilos ng samahan ng mamamayan, partikular ang *People's Organization (PO's) at Non-Government Organization (NGO's)/Civil Society Organizations (CSOs)*, upang maging aktibong kabalikat ng Pamahalaan sa pagpapaunlad ng bayan o' partikular ang yunit ng Pamahalaang Lokal;

**SAPAGKAT,** batay sa *Article 64 "Implementing Rules and Regulations Republic Act 7160"* ang Sangguniang Panlungsod ay may kapangyarihan na magsagawa ng pagkilala sa mga "NGO/CSO" na umiiral sa nasasakupan ng isang Pamahalaang Lokal;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ay nagbibigay ng pagkilala sa mga kahalintulad nito na umiiral sa Lungsod na nakatuon sa paglilingkod sa mga mamamayan at sa gawaing pagpapaunlad ng bayan;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** ang mga NGO/CSO ay binibigyan ng ganitong pagkakataon na makaganap o' makilahok batay sa pagkilala ng Sangguniang Panlungsod;

**SAPAGKAT,** ang City of Malolos Motorcycle Action and Response Organization (CMMARON), ay nakatugon sa mga rekositos na itinadhana ng Department of Interior and Local Government (DILG), Memorandum Circular No. 2022-083;

**SAPAGKAT,** ang pagbibigay ng Sangguniang Panlungsod ng pagkilala o' akreditasyon sa nasabing NGO/CSO ay magbibigay-daan upang mapabilang sa "Accredited NGO/CSOs" ng Lungsod ng Malolos, kaya

Sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Patrick S. dela Cruz, na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na pagtibayin ang Isang Kapasiyahang Panlungsod na kumikilala o' nagbibigay akreditasyon sa City of Malolos Motorcycle Action and Response Organization (CMMARON), na mapabilang sa Accredited Non-Government Organization (NGO)/Civil Society Organizations ng Lungsod ng Malolos.

**IPINASIYA PA RIN,** na ang akreditasyong ito ay may bisa hanggang ika-30 ng Hunyo, 2025.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD – Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*08222022